

3

HAKBANG PARA SA PAMAMAHALA NG BASURANG PAGKAIN

1

PAG-IWAS
AT PAGBAWAS



2

PAGHIWALAY NG
PINAGMULAN



3

PAGRESIKLO
SA MAHAHALAGANG
DULUGAN



GAANO KARAMING PAGKAIN ANG TINATAPON SA HONG KONG ARAW-ARAW?

Alam mo ba? Mahigit sa 3,000 toneladang basurang pagkain ay tinatapon sa mga landfill kada araw, kung saan mahigit sa 2,000 tonelada ay mula sa mga tahanan na mga tahanan na sumasagot sa mahigit 25 % ng solidong basura ng munisipyo. Habang napupuno ang mga landfill, ang pamamahala ng domestikong pagkaing basura ay may mahalagang tungkulin sa pagbabawas ng solidong basura ng munisipyo. Ang epektibong paraan ay ang pagbabawas ng basura mula sa pinagmulan.

ANO ANG MGA TUNGKULIN NG PAMAHALAAN, MGA ESTATE NG PAMAMAHAY AT MGA RESIDENTE SA PAMAMAHALA NG PROBLEMA SA BASURANG PAGKAIN?

Ang Pamahalaan, mga estate ng pamamahay at mga residente ay lahat responsible sa solusyon ang problema sa basura. Ang tungkulin ng Pamahalaan ay gumawa ng mga patakaran, magplano at magpatupad ng paghihiwalay ng pinagmulan at pagbabawas ng basura, pati na ang pamamahala ng mga pasilidad sa paggamot ng basura. Dahil dito, ang Pondo ng Kapaligiran at Konserbasyon (Environment and Conservation Fund (ECF)) ay nagreserba ng 50 milyong dolyares upang ilunsad ang "Mga Proyekto sa Pagresiklo ng Basurang Pagkain sa Mga Estate ng Pamamahay (Food Waste Recycling Projects in Housing Estates)", na naghihikayat at nagsa-subsidize ng mga estate ng pamamahay upang isagawa ang paghihiwalay ng pinagmulan, koleksyon at pagresiklo ng basurang pagkain mula sa mga tahanan. Sa pamamagitan ng mga pang-edukasyong aktibidad, ang pagtatalaga at operasyon ng mga kagamitan sa pag-compost, at tamang paggamit ng compost, ang tungkulin ng mga estate ng pamamahay ay upang ikoordinang ang proyekto at hikayatin ang partisipasyon ng mga residente. Para sabawat isa sa amin, dapat tayong aktibong kumilos at isagawa ang "Pagbawas, Muling Paggamit at Pagresiklo" sa ating pang-araw-araw na buhay. Kasama ang pinagtutulungang pagsusumikap mula sa Pamahalaan, mga estate ng pamamahay at mga residente, ang problema sa basura ng pagkain ay inaasahang masolusyonan.

Upang masolusyonan ang problema sa basurang pagkain, ang pinaka-epektibong paraan ay:

Iwasan at bawasan muna ang basurang pagkain, ang hindi maiiwasang basurang pagkain ay hiwalay na kokolektahin at ireresiklo sa magagamit na mga dulugan.

TAMANG DAMI

PETSA NG PAG-EXPIRE

REFRIGERATION



PAANO MAIIWASAN AT MABABAWASAN ANG BASURANG PAGKAIN?

Ang unang hakbang sa pamamahala ng problema sa basurang pagkain ay ang pag-iwas at pagbawas sa basurang pagkain. Sa pang-araw-araw na buhay, maaari tayong:

- Maghanda ng pagkain na tama ang dami upang maiwasan ang sobrang pag-iimbak at mabawasan ang pagkakataon na mag-expire ang pagkain.
- Suriin ang petsa ng expiry bago bumili ng nakapaketeng pagkain at ikonsumo ang pagkain bago ang petsang iyon.
- Subukang iwan ang sobrang pagkain sa refrigerator para sa susunod na kainan upang maiwasan ang pagbasura.

PAANO MAGSAGAWA NG ANGKOP NA PAGHIHIWALAY NG PINAGMULAN?

Sigurado, may ilang hindi maiiwasang basurang pagkaing maiiwan at kailangang itapon. Dapat ito ihiwalay sa pinagmulan para sa pagresiklo. Ang paghihiwalay ng pinagmulan ay mahalagang hakbang. Ang mareresiklong basurang pagkain ay mahihiwalay mula sa hindi mareresiklong pagkain sa pamamagitan ng tamang paghihiwalay at makakatulong din na pabutihin ang kalidad ng kompost pati na ang paghadlang sa pagkarsira ng kagamitan sa pag-compost. Ang mareresiklo at hindi mareresiklong basurang pagkain ay ipinapakita sa diagram sa ibaba:

Nareresiklo



Mga prutas:
buto ng prutas, balat ng prutas



Mga gulay:
Mga dahon ng gulay, ugat at buto



Mga butil:
Bigas at ibang mga produktong butil



Mga noodles:
Mga noodle at ibang mga produktong noodle



Mga bean:
Lahat ng uri ng mga bean



Mga karne:
Lutong manok, bibe, isda at mga karne, atbp.



Paghahardin:
Mga dahon at mga halamang-gamot




Mga fira:
Mga fira ng cane, dahon ng isaa at mga Tsinong gamot

Hindi-nareresiklo



Mga materyales na likido katulad ng sopas at juice



Mga malalaking buto*



Mga plastic na kubyertos, kahoy, na chopsticks, mga toothpick



Mga plastik na produkto katulad ng mga mga plastik bag at plastik na takip ng mantel



Mga karton



Mga Produktong Bakal



Mga produktong salamin



Mga pantahananag kemikal katulad ng mga detergent at mga insecticide

*Sa pangkalahatan, ang mga butong mas malaki sa 50mm ay hindi mareresiklo.

PAANO MAGRERESIKLO NG BASURANG PAGKAIN?

Maaaring magtatak ang mga residente ng selyadong sisidlan ng imbakan ng pagkain (tinatayang 3 – 5 litro)¹ bilang “Sisidlan ng Basurang Pagkain” at ilagay ang “Mareresiklong Basurang Pagkain” sa sisidlan. Ang mga residente ay maaaring magdala ng “Sisidlan ng Basurang Pagkain” sa punto ng pagkolekta para sa pinagsamang pagproseso. Ang ibang mga mareresiklong basura, katulad ng mga papel, bakal at plastik ay dapat ihiwalay sa ibang mga basura at itapon sa angkop ng mga basurahang pangresiklo.

(1: Ang mga estate sa pamamahay ay maaaring maglaan ng sisidlan ng basurang pagkain. Suriin sa estate ng pamamahay para sa mga detalye.)

MGA PUNTONG TATANDAAN KAPAG KINOKOLEKTA ANG BASURANG PAGKAIN SA TAHANAN

- Sa pangkalahatan, ang basurang pagkain na mas malaki sa 50mm (hal. malalaking buto) ay hindi dapat maresiklo. Ang malalaking mga piraso ng pagkaing basurang ito ay dapat hatiin sa maliliit na piraso kung posible. Ang malalaking buto ay dapat ihiwalay sa mareresiklong pagkain at itapon sa karaniwang paraan ng basura ng tahanan.
- Salain ang likido sa basurang pagkain bago ilagay sa Sisidlan ng Basurang Pagkain.
- Para sa nakapaketeng pagkain, alisin ang pakete ng expired na pagkain (hal. expired na tinapay mula sa supermarket) bago ilagay sa sisidlan.
- Kung ang sisidlan ay hindi maitatapon sa araw na iyon, dapat itong pansamantalang iimbak sa refrigerator upang maiwasan ang pangangamoy.

PAGGAWA NG KAYAMANANMULA SA BASURA – ANO ANG MGA BENEPISYO NG PAGRESIKLO NG BASURANG PAGKAIN?

Maaaring direktang mabawasan ng pagresiklo ng basurang pagkain ang dami ng basurang itatapon sa mga landfill. Ang basurang pagkain ay maaaring maresiklo sa kompost sa pamamagitan ng kagamitan sa pag-kompost sa mga estate ng pamamahay. Ang kompost ay magagamit bilang organic na fertilizer o pangkondisyon ng lupa, na may mas balanseng nilalamang nutrisyon kaysa sa kemikal na pataba at makakatulong na pagtutuhin ang mga ari-arian ang lupa. Ang mga estate ng pamamahay ay maaaring makapag-apply ng kompost sa mga tanim para sa pag-landscape.



Ang kompost ay maaaring gamitin sa pag-landscape

PAANO MATUTO NANG HIGIT PA?

Para sa anumang mga teknikal na problema na mararanasan sa pagresiklo ng basurang pagkain, maaaring sumangguni ang mga residente sa “Teknikal na Gabay” na pinagsamang inihanda ng Kagawaran sa Proteksiyon ng Kapaligiran (Environmental Protection Department) at Konseho ng Produktibidad ng Hong Kong (Hong Kong Productivity Council). Ang “Teknikal na Gabay” at ibang mga detalye ay makukuha sa website ng “Help-desk na Serbisyo para sa Mga Proyekto sa Pagresiklo ng Basurang Pagkain sa Mga Estado ng Pamamahay”, o sa mga sumusunod na channel:

Help-desk na Serbisyo para sa Mga Proyekto sa Pagresiklo ng Basurang Pagkain

Website: <http://hd-fwrs.hkpc.org>

Tel: 2788 5598

E-mail: hd-fwrs@hkpc.org

Fax: 2788 5608

FLOW CHART PARA SA PAGRESIKLO NG BASURANG PAGKAIN



Paghiwalay ng pinagmulan ng pagkaing basura ng mga residente



Basurang pagkain ay dinadala sa Pinagsamang Punto ng Pagkolekta ng mga residente



Ang basurang pagkain ay nililipat at nilalagay sa kagamitang pang-kompost ng kawani ng mga estate ng pamamahay



MIX
Paper from
responsible sources
FSC® C101992